

Advisory Blg. 152, s. 2018

Hulyo 31, 2018

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013 ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001, ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.  
(Visit [www.deped.gov.ph](http://www.deped.gov.ph))

SEMINAR-WORKSYAP SA PAGSULAT NG KUWENTONG-PAMBATA  
PARA SA BIG BOOK GAMIT ANG INANG WIKA

Ang Seussville Inc. ay magdaraos ng Seminar-Worksyap sa Pagsulat ng Kuwentong – Pambata para sa *Big Book* Gamit ang Inang Wika na gaganapin mula Oktubre 26 hanggang 28, 2018 at Disyembre 14 hanggang 16, 2018 sa Hotel Dominique, Tagaytay.

Ang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

1. maiintindihan ang mga sining at mga elemento ng pagsulat ng kuwentong-pambata para sa *Big Book*;
2. mapahalagahan ang pagsulat ng mga kuwentong-pambata na angkop sa antas at kultura ng mga mag-aaral;
3. makasusulat ng isang kuwentong-pambata para sa *Big Book*;
4. makapagrerebisa ng sariling kuwentong – pambata;
5. makapaglalatap ng ilustrasyon sa kuwentong-pambatang isinulat; at
6. makagagawa ng *dummy* para sa sariling *Big Book*.

Ang mga guro mula sa *kindergarten*, *preschool* at *Grade 1-3* at *kindergarten coordinators* mula sa pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kay:

Mark John Benedict Rola  
Vice President for Business Development  
Seussville  
2nd Flr. Vizione Plaza Building  
505 A. Mabini Avenue, Caloocan City  
Telepono: (02) 544-0978; (02) 543-4107  
Mobile: 0975-717-8564  
Email: [seusvilleinc@gmail.com](mailto:seusvilleinc@gmail.com); [seusvilleseminarsinc@gmail.com](mailto:seusvilleseminarsinc@gmail.com)